# Mga Instruksyon para sa Abiso sa Mahinang Adulto

Ito ang Abiso sa Mahinang Adulto (Abiso). Hindi ito pinirmahan ng hukom. Ipinagbibigay-alam ng abisong ito sa mahinang adulto na isang petisyon ang isinumite sa ngalan niya. Sinasabi rin ng abiso kung ano ang maaaring mangyari kung sakaling ipagkaloob ang petisyon, at tinutukoy ang mga karapatan ng mahinang adulto.

**Ihahain ng klerk ang orihinal na utos sa pampublikong rekord ng korte at magbibigay ng mga ipapamahaging kopya para:**

- Sa Iyo (mga libreng sertipikadong kopya).
- Isilbi sa mahinang adulto, kung nagsusumite ka sa ngalan ng isang mahinang adulto.
- Isilbi sa tagapag-alaga ng mahinang adulto, kung mayroon.

**Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte bago punan ang abiso.**

*Sa ilang korte, ang abiso ay pupunan ng hukom. Sa ibang korte naman, inaasahan kang punan ang abiso. Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte.*

- Kung inaasahan kang punan ang form na ito, sundin ang mga instruksiyon sa ibaba.
- Maaaring makatulong na magtanong sa klerk ng korte para sa mga serbisyo ng abogado para tulungan kang punan ang form na ito.

## Mangyaring I-print nang Malinaw Gamit ang Itim o Asul na Tinta!

### Itaas ng Pahina

- Punan ang pangalan ng county kung saan isinumite ang aksyon.
- Punan ang pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) ng mahinang adulto.
- Tutukuyin bilang "Nasasakdal" ang tao na mula sa kaniya ay gusto mong maprotektahan. Punan ang pangalan ng nasasakdal (unang pangalan, inisyal na panggitnang apelyido, apelyido).

### Impormasyon ng Kaso at Pagdinig

- Punan ang iyong pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) bilang petisyonaryo.
- Punan ang pangalan ng county kung saan isinumite ang aksyon.

- Punan ang pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) ng nasasakdal.
- Isusulat ng hukom o klerk ng korte ang petsa, oras at lugar ng susunod na pagdinig, sa unang pahina ng utos.

**Pag-aasikaso para sa may Kapansanan**

- Humingi ng tulong sa tagapangasiwa ng korte o nakatataas na korte para sa pagtukoy ng pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Itinalagang Indibidwal na Kokontakin ng Americans with Disabilities Act (Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan, ADA) na magbibigay ng tulong sa pag-aasikaso para sa may kapansanan.
- Lagyan ng tsek ang unang kahon at punan ang pangalan, address, at numero ng telepono ng indibidwal na kokontakin.
- Lagyan ng tsek ang ikalawang kahon at punan ang address at numero ng telepono ng tagapangasiwa ng korte para sa nakatataas na korte, kung hindi mo natukoy ang indibidwal na kokontakin. Ang address at numero ng telepono ng tagapangasiwa ng nakatataas na korte ay matatagpuan sa website ng korte sa ilalim ng link para sa Direktoryo ng Korte: http://www.courts.wa.gov/court_dir/.

**Pagsisilbi ng Abiso**

Dapat mong isaayos ang pagsisilbi ng abisong ito sa mahinang adulto kasama ang iba pang isinumiteng dokumento.

Mangyaring isaalang-alang ang pagbibigay ng "Mga Instruksiyon para sa mga Tagapagsilbi ng Proseso" sa indibidwal na magsisilbi ng Abisong ito. Iminumungkahi ng mga instruksiyong ito na ialok ng tagapagsilbi ng proseso sa mahinang adulto ang pagbabasa ng abiso, at bigyang-diin ang available na mga pag-aasikaso para sa may kapansanan kung nais niya ito.